

- Sa pamamagitan ni Cristo, tayo ay napalaya mula sa pagiging alipin ng kasalanan. Ano ang isang kilos o pag-iisip na kailangan mong isuko sa Diyos upang maranasan ang Kayang biyayang bumabago sa atin?
- Mayroon ka bang kapamilya at mga kaibigan na hindi pa sumusunod kay Cristo sa pananampalataya? Paano mo maipapahayag at maipapakita ang ebanghelyo sa kanila ngayong linggo?

PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos sa bagong buhay sa ilalim ng Kanyang biyaya na ibinigay Niya sa iyo. Ipanalangin na mas lalo mo pang matututunan at mauunawaan ang Kanyang biyaya sa darating na linggo.
- Ipanalangin na patuloy mong susundin si Kristo. Pasalamatang Siya sa paggawa ng paraan upang maranasan mo ang katuwiran sa pamamagitan Niya.
- Hingin sa Diyos na bigyan ka ng mga pagkakataon upang maisapamuhay ang pagsunod sa Kanya sa paraang magpapakita ng Kanyang kabutihan sa iyong pamilya at mga kaibigan.

NOTES

WARM-UP

- Naranasan mo na bang bumuo ng isang *puzzle*? Ano ang masasabi mo sa karanasang ito?
- May tao ka bang labis na pinagkakatiwalaan anuman ang mangyari? Magkuwento tungkol sa kanya.
- Ano ang kahulugan ng kalayaan para sa iyo?

WORD ¹⁵Ngayon, dahil wala na tayo sa ilalim ng kautusan kundi sa biyaya na ng Diyos, nangangahulugan bang magpapatuloy pa rin tayo sa paggawa ng kasalanan? *Aba, hindi! . . .* ²²Pero pinalaya na kayo sa kasalanan at alipin na kayo ng Diyos. At ang dulot nito'y kabanalan at buhay na walang hanggan. **MGA TAGA-ROMA 6:15,22**

(Basahin din ang **MGA TAGA-ROMA 6:15-23.**)

Kapag ang tao ay nagkakasala sa ilalim ng kautusan, ito ay hahantong sa kamatayan. Subalit sa pamamagitan ng pananalig kay Cristo, ang mga mananampalataya na namatay na sa kasalanan ay hindi na nasasakop ng kautusan. Tayo ngayon ay may bagong buhay na nasasakop ng biyaya ng Diyos. Hindi ito nangangahulugan na maaari na nating gawin ang lahat ng itinuturing na kasalanan sa ilalim ng kautusan. Ipinaalala ni Pablo sa iglesya sa Roma na ang kamatayan sa kasalanan ay nangangahulugan na tayo ay napalaya na dito. Ang kalayaan na ito ay mayroon ding layunin: ang buhay na pinapabanal tungo sa buhay na walang hanggan. Ano ang ibig sabihin nito para sa atin?

1 | Tayo ay naging alipin ng Diyos.

¹⁷Noong una, alipin kayo ng kasalanan. Pero salamat sa Diyos dahil ngayon, buong puso ninyong sinusunod ang mga aral na itinuro sa inyo. ¹⁸Pinalaya na kayo sa kasalanan at ngayo'y mga alipin na kayo ng katuwiran. **MGA TAGA-ROMA 6:17,18**

Kapag ang mga tao ay hindi pa nananalig kay Cristo, ibibigay nila ang kanilang mga sarili sa kasalanan. Dahil dito, sila ay nagiging alipin ng kasalanan. Ang isang alipin ay isang taong nasa pamamahala ng iba—ang kanyang amo—at wala siyang magagawa kundi ang sumunod dito. Tulad nito, kung wala kay Cristo, ang mga tao ay nasa ilalim ng kapangyarihan at pamamahala ng kasalanan at hindi nila maiiwasang magkasala. Sa huli, ito ay hahantong sa kamatayan o walang hanggang pagkakawalay sa Diyos. Subalit kung tayo ay susunod sa katuruan na dapat tayong manampalataya sa ginawa ni Jesu-Cristo para sa ating katuwiran, tayo ay nagiging alipin ng katuwiran. Hindi natin maiiwasan ang sumunod sa Diyos at ipahayag ang Kanyang katuwiran. Ibahagi kung paano humantong sa bagong kagustuhan na sumunod kay Cristo ang iyong pananampalataya sa Kanya.

.....

.....

2 | Tayo ay ginagawang banal.

Pero pinalaya na kayo sa kasalanan at alipin na kayo ng Diyos. At ang dulot nito'y kabanalan at buhay na walang hanggan.

MGA TAGA-ROMA 6:22

Ang bunga ng kamatayan sa kasalanan at pagiging alipin ng Diyos ay pagpapabanal. Ang pagpapabanal ay nangangahulugan na ang iba't ibang aspeto ng ating buhay ay mas nailalaan sa Diyos at tayo ay mas nagiging katulad ni Cristo sa ating pag-iisip, salita, at gawa. Ito ay ginagawa ng Diyos sa atin habang tayo ay nagpapasakop at nagpapasailalim sa Kanya. Paano nagbago ang buhay mo simula nang magtiwala ka kay Cristo?

.....

.....

3 | Maaari tayong magkaroon ng buhay na walang hanggan.

²²Pero pinalaya na kayo sa kasalanan at alipin na kayo ng Diyos. At ang dulot nito'y kabanalan at buhay na walang hanggan. ²³Sapagkat ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan, ngunit ang kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon.

MGA TAGA-ROMA 6:22,23

(Basahin din ang **JUAN 17:3**.)

Ang buhay na walang hanggan ay tungkol sa pagkakilala sa Diyos at sa buhay na nais Niyang magkaroon tayo (Juan 17:3). Ito ay isang bagay na nasisimulan nating maranasan sa buhay na ito kapag nanampalataya tayo kay Cristo. Subalit ang pahayag na binanggit sa itaas ay tumutukoy sa mararanasan natin pagkatapos ng buhay na ito. Ito ang ganap na layunin ng pagpapabanal: walang kapintasan at ganap na pagiging katulad ni Cristo sa oras ng Kanyang pagbabalik upang buhaying muli ang ating katawan. Tayo ay magiging ganap na malaya mula sa kasalanan, kamatayan, sakit, at paghihirap. Mararanasan natin ang ganap na ugnayan sa Diyos nang walang hanggan. Hindi ito bunga ng pagsunod sa mga kautusan, kundi isang libreng regalo ng Diyos na matatanggap natin sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo. Mararanasan natin ang buhay na walang hanggan. Paano tayo mapipigilang magkasala ng kaalamang ito kahit pa hindi na tayo napapasailalim sa kautusan?

.....

.....

APPLICATION

- Nais mo bang manampalataya kay Cristo at maranasan ang pagpapabanal na kasama ng bagong buhay sa piling Niya? Hilingin sa isang tao na samahan kang manalangin upang tanggapin ang regalo ng Diyos na buhay na walang hanggan at upang ikaw ay maging mas katulad ni Cristo sa bawat araw na lumilipas.